KARAHASANG DALA NG PAGKAMUHI AT MGA KARAPATANG SIBIL

DFEH

DOKUMENTO NG IMPORMASYON

Ipinagbabawal ng Batas ni Ralph sa Mga Karapatang Sibil (Ralph Civil Rights Act) ang mga pagkilos ng karahasan o banta ng karahasan dahil sa aktuwal o ipinagpapalagay na kasarian ng isang tao, kasama ang pagbubuntis, panganganak, at iba pang kaugnay na medikal na kondisyon, kinikilalang kasarian at pagpapahayag ng kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, pinagmulang bansa, kapansanan, medikal na kondisyon, impormasyong henetiko, katayuan ng kasal, seksuwal na oryentasyon, pagkamamamayan, pangunahing wika, katayuan ng imigrasyon, ugnayang politikal, o posisyon sa isang hindi pagkakasundo sa trabaho (seksiyon 51.7 ng Kodigo Sibil ng California). Mga halimbawa lamang ang mga nakalistang katangian na ito at posible ang iba pang mga batayan para sa claim ng diskriminasyon sa ilalim ng batas. Ang mga pagkilos na ipinagbabawal ng batas sibil ay maaari ding mga pagkilos tungkol sa krimen at maaaring mailantad ng mga ito ang mga lumalabag sa mga kriminal na parusa. Ipinagbabawal din ng Batas ni Ralph sa Mga Karapatang Sibil ang isang tao sa paghingi ng pagtalikod sa mga proteksiyon ng batas bilang kondisyon sa pagpasok sa isang kontrata para sa mga produkto o serbisyo, kabilang ang karapatang maghain ng reklamo o demanda o mag-abiso sa pangkalahatang abogado, Departamento ng Makatarungang Trabaho at Pabahay (Department of Fair Employment and Housing, DFEH), o piskal o ahensiya sa pagpapatupad ng batas.

ANG GINAGAWA NG DFEH

Ipinapatupad ng DFEH ang mga batas sibil ng California na nagbabawal sa karahasang dala ng pagkamuhi sa pamamagitan ng:

1. **Pagsisiyasat ng mga reklamo;**
2. **Pagsasakdal sa mga paglabag sa batas; at**
3. **Pagbibigay-alam sa mga taga-California tungkol sa mga batas na nagbabawal sa karahasang dala ng pagkamuhi, pangangalakal ng tao, pangha-harass, at diskriminasyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga nakasulat na materyales at pakikilahok sa mga seminar at kumperensiya.**

ANONG URI NG MGA PAGKILOS ANG IPINAGBABAWAL SA ILALIM NG BATAS NG CALIFORNIA

Ipinagbabawal ng batas ng California ang mga pasalita o nakasulat na banta, pisikal na atake o tangka ng pag-atake, paglalagay ng graffiti, at bandalismo o pagsira sa ari-arian. Nagtatakda rin ang iba pang mga batas ng California ng mga kriminal na parusa para sa mga akto kabilang ang panggugulo sa grupo ng mga taong nagtitipon para sa pagsamba; bandalismo sa lugar ng pagsamba o gusaling pagmamay-ari o inookupa ng isang institusyong pang-edukasyon ng relihiyon; pagtangka na pigilin ang mga panrelihiyong aktibidad sa pamamagitan ng mga banta ng karahasan; o, paggamit ng bomba o panununog para magdulot ng pangamba sa personal na kaligtasan ng isang tao sa mga lugar ng pagsamba o sa anumang pribadong ari-arian kung ang ari-arian ang naging puntirya dahil sa lahi, kulay, relihiyon, ninuno, o iba pang protektadong katangian ng may-ari o okupante.

PAANO NAKAKATULONG ANG MGA BATAS NA ITO SA MGA BIKTIMA?

Nagbibigay ang mga batas na ito ng mga remedyo sibil para sa mga taong naging biktima ng mga pagkilos na may kaugnayan sa karahasan o banta ng karahasan dahil sa lahi, kulay, relihiyon, ninuno, pinagmulang bansa, edad, kapansanan, kasarian, seksuwal na oryentasyon, ugnayang politikal o posisyon sa isang hidwaan sa paggawa.

Kabilang sa mga magagamit na remedyo sibil ang:

1. Mga Utos ng Pagpigil
2. Aktuwal na Bayad-Pinsala
3. Parusang Bayad-Pinsala
4. Mga Sibil na Multa
5. Mga Bayad sa Abogado

Mayroong ilang hakbang na magagawa ng isang tao upang maisakatuparan ang mga karapatang ipinagkakaloob ng mga batas na ito.

KARAHASANG DALA NG PAGKAMUHI AT MGA KARAPATANG SIBIL

DOKUMENTO NG IMPORMASYON

DFEH

MGA HALIMBAWA NG KARAHASANG DALA NG PAGKAMUHI

Sa ilalim ng Batas ni Ralph sa Mga Karapatang Sibil, ilegal ang:

- Pangingialam gamit ang puwersa o banta ng puwersa sa mga konstitusyonal na karapatan ng isang tao dahil sa aktuwal o ipinagpapalagay na pagkakasali ng taong iyon sa isang protektadong grupo.
- Sadyang panggugulo sa grupo ng taong nagtitipon upang magsamba dahil sa kanilang relihiyon.
- Pagtangkang pigilin ang mga panrelihiyong aktibidad sa pamamagitan ng mga banta ng karahasan.
- Pagsira sa ari-arian ng isang tao dahil sa aktuwal o ipinagpapalagay na pagkakasali ng taong iyon sa isang protektadong grupo.
- Bandalismo sa isang lugar ng pagsamba o gusali dahil sa aktuwal o ipinagpapalagay na pagkakasali sa isang protektadong grupo.
- Pag-atake sa isang tao dahil sa aktuwal o ipinagpapalagay na pagkakasali sa isang protektadong grupo.
- Paghimok ng ipinagbabawal na karahasan laban sa sinumang tao dahil sa aktuwal o ipinagpapalagay na pagkakasali ng taong iyon sa isang protektadong grupo, kung saan nakadirekta ang paghimok na iyon sa pag-udyok o pagdulot ng nagbabantang ilegal na kilos at may posibilidad na ito ay magdulot ng ganoong kilos.

ANO ANG GAGAWIN KO KUNG PINANINIWALAAN KONG BIKTIMA AKO NG KARAHASANG DALA NG PAGKAMUHI

1. Maaari mong gamitin ang brochure na ito. Ipakita ito sa isang abogado, sa pulisya, o sa mga ahensiya ng gobyerno kapag nakausap mo sila tungkol sa problema.
2. Iulat ang anumang banta o pagkilos na may kaugnayan sa karahasan sa pulisya. Tiyaking maipapaliwanag ang koneksiyon ng marahas na banta o pagkilos at ang katangian (lahi, kasarian, edad, kapansanan, seksuwal na oryentasyon, atbp.). Tandaang ang koneksiyong ito ay maaaring batay sa iyong katangian o sa katangian ng isang grupo o indibidwal kung kanino ka nauugnay.
3. Maaari kang maghain ng reklamo. Maaaring maghain ng reklamo sa DFEH, sa korte, o sa iba pang ahensiya ng gobyerno, tulad ng lokal na departamento ng pulisya, abogado ng distrito, o sa Pangkalahatang Abogado ng California.
4. Maaaring maghain ng pribadong demanda sa ilalim ng seksiyon 52 ng Kodigo Sibil ng California upang ipatupad ang Mga Batas ni Ralph at Batas ni Bane sa Mga Karapatang Sibil.

MGA REMEDYO SIBIL

1. **Mga utos ng pagpigil:** pagkatapos makakuha ng utos ng pagpigil mula sa isang korte, maaaring patawan ng multa o ikulong ang mga lalabag sa kautusang iyon
2. **Aktuwal na bayad-pinsala:** Kabilang ang halaga ng gastos sa medikal na paggamot, nawalang sahod, pagkumpuni ng ari-arian, o kabayaran sa emosyonal na pagdurusa at pagkabagabag
3. **Parusang bayad-pinsala:** maaaring mag-utos ang korte ng karagdagang bayad-pinsala upang parusahan ang mga lumalabag
4. **Mga sibil na multa:** maaaring mag-utos ang isang korte ng multang nagkakahalaga ng $25,000, na ipagkakaloob sa taong naghain ng reklamo
5. **Mga bayad sa abogado:** maaaring mag-utos ang isang korte ng kabayaran ng mga singilin ng abogado na resulta ng demanda

---

Kung sa tingin mo ay naging biktima ka ng karahasang dala ng pagkamuhi batay sa isang protektadong pangkat, maghain ng reklamo. Ang isang reklamo sa DFEH ay dapat ihain sa loob ng isang taon mula sa petsa kung kailan nalaman ng biktima ang pagkakakilanlan ng maysala, ngunit hindi maaaring lumampas sa tatlong taon mula sa petsa ng pinsala. Hindi kinakailangan ang isang abogado at walang babayaran para sa mga serbisyo ng Departamento.

Kung mayroon kang kapansanan na nangangailangan ng makatuwirang tulong, maaari kang tulungan ng DFEH sa pamamagitan ng pagsasabi ng iyong mensahe sa pamamagitan ng telepono o, para sa mga indibidwal na Bingi o May Kahirapan sa Pandinig o may mga kapansanan sa pagsasalita, sa pamamagitan ng California Relay Service (711), o maaari kang makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng impormasyon sa ibaba.

PARA MAGHAIN NG REKLAMO

Department of Fair Employment and Housing
dfeh.ca.gov
Walang Toll: 800.884.1684
TTY: 800.700.2320

DFEH-R01P-TG / Abril 2020